HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. VIII No.43 September 23-29, 2024 10.00 ISSN No.: 2672-3034



VICE-MAYOR HOMER SAQUILAYAN
*Imus City, Cavite*

# Nationwide Distribution of Comprehensive Government Assistance to Celebrate President Marco's Birthday

P.4



*Pagbisita sa Lungsod ng General Trias, at paghahatid ng tulong ni Pangulong FERDINAND "BONGBONG" R. MARCOS, JR. sa mga mangingisda ng iba't-ibang bayan sa Cavite na naapektuhan ng nakaraang oil spill.*

*Dinaluhan ito nila Mayor Jon-Jon Ferrer, Cong. Ony Ferrer, Vice-Mayor Jonas Labuguen, Board Members Morit Sison at Kerby Salazar at mga Sangguniang Panlungsod Members. Kabilang din sa mga dumalo at nagbigay suporta sina Senators Bong Revilla at Francis Tolentino, SILG Benhur Abalos, Gov. Jonvic Remulla, Vice-Gov. Athena Tolentino, mga Kinatawan ng Mababagang Kapulungan ng Kongreso, Provincial Board Members, at mga Punong Bayan at Lungsod.*

*Let's Join Forces for a More Progressive City of General Trias!*


## Commemoration of the 128th Death Anniversary of the Thirteen Martyrs of Cavite



Sa paggunita ng ika-128 anibersaryo ng kamatayan ng Labing Tatlong Martir ng Cavite, ating binibigyang-pugay ang mga bayani na nag-alay ng kanilang buhay para sa kalayaan ng ating bayan. Ang kanilang sakripisyo ay patuloy na nagbibigay inspirasyon sa bawat Caviteño/Treceño upang ipagpatuloy ang laban para sa katotohanan, katarungan, at tunay na kasarinlan.

Kasama ng inyong lingkod Mayor Gemma Lubigan sa mahalagang araw na ito sina Cavite 7th District Representative Ping Remulla, Board Member Abeng Remulla, Vice Mayor Bobby Montehermoso,

(cont. P.3)




ADVERTISE WITH US! Contact Number: 09407502943 E-mail Address: humanitynews@yahoo.com

# BULIL'EATS FEEDING PROGRAM LAUNCHES 50-DAY SUPPLEMENTARY FEEDING PROGRAM IN BACOOR







Bacoor, Cavite - The City Government of Bacoor, under the leadership of Mayor Strike B. Revilla, launched a 50-day Supplementary Feeding Program yesterday, September 17, 2024, at the Sinbanali covered court. The program, a collaborative effort between the City Social Welfare and Development (CSWD) headed by Miss Liliane Ugalde, the City Environment Service Department (CESD) led by Mr. Rollie Vocalan, and the Office of the City Health Services (OCHS) under Dra. Ivy Marie Yrastorza, aims to address malnutrition among children in Bacoor.

The event was attended by key figures including Vice Mayor Rowena Bautista Mendiola, CESD Consultant Maam Theresa Calo, and representatives from various barangays, including Kapitan Caridad Sanchez of Sinbanali, Kapitan Edwin Gawaran of Kaingen-Digman, Kapitan Randy Francisco of Poblacion, Kapitan Edwin Torres of Zapote 3, Kapitan Roland Loiue Ugalde of Maliksi 1, Kapitan Levi Dizon of Maliksi 2, and Kapitan Rodolfo Bañas of Talaba 2. Also present were City Nutritionist Miss Tin Tin Elalto, representatives from Robinson Land, Frabelle Food Group,

(cont. P.4)

**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

our website:
www.humanitynewsph.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**KRISTEL. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**ANTHONY LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
PRIME ALLIANCE OF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.
PAPER.PH


| | |
|---|---|
| Subscription Rates: 1 year 52 Issues | = Php 520.00 |
| Legal Notices: 1 col. Per cm. rates | = Php 160.00 |
| Advertisement Rate: Per column | = Php 200.00 |

# Providing Vital Health Services to Imuseños



The Office of the Provincial Governor, in collaboration with the Office of the Provincial Health Officer, successfully conducted a free medical mission on September 17, 2024, in Brgy. Malagasang 1-C,

(cont. P.4)



**MAKATANG KABITENYO**
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
**DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA**

# AMA AT INA

1) Ang ama at ina ay di magkatulad,
Ang ina'y dinala ang sanggol sa ingat,
Mula ipaglihi hanggang sa manganak
Ay siyam na buwan yaong paghihirap.

2) Matapos iluwal akala mo'y sarap,
Ang ina'y matagal pa ring magpupuyat,
At sa bawat kilos, sa tawa, sa iyak,
Sa gabi at araw, ina ang lumingap.

3) Anak na lalake't babae'y pareho,
Sa ina ang anak, pareho ang trato,
Tungkulin ng ina'y magmahal nang husto,
Walang pasubali sa anak na gusto.

4) Sa ama ang bata'y may tratong kaiba,
Nagpapasubali ang gawi ng ama,
Kailangan sa bata'y mabuti ang ginda,
At kapag di ayos ay magagalit siya.

5) Anak na babae ay magiging ina,
Anak na lalake ay magiging ama,
Ang mga magulang yaong gabay nila,
Sa ina may luwag, sa ama may puna.

6) Kaya itong ama ay iniiwasan,
Lalake't babae'y ingat sa paggampan,
Samantalang ina ay nilalapitan,
Diyan magkaiba pag naging magulang.

HUMANITY NEWS



## Commemoration of the 128th Death Anniversary...

(from p. 1)

miyembro ng 11th Sangguniang Panlungsod, mga Punong Barangay, mga empleyado ng National at Local Government, TMC Masonic Lodge #350, Alternative Learning System (ALS), at Knights of Columbus.

Ang espesyal na pagdiriwang na ito ay ginawang mas makahulugan sa pagbabahagi ng makabayang mensahe ng ating panauhing pandangal na si Sir Manny Franco Calairo, at kanyang binigyang-diin ang kahalagahan ng pag-alala at pagbabalik-tanaw sa ating kasaysayan.

Nawa'y magpatuloy ang ating pagkakaisa, ayon sa mga adhikain ng ating mga bayani, para sa makatarungan at maliwanag na kinabukasan. Mabuhay ang Labing Tatlong Martir ng Cavite!

Be blessed,
Be a blessing!
Bagong Trece,
Puso ng Cavite,
Lungsod ng Pag Asa!




ONWARD FORWARD GEN. TRIAS CITY

CONG. ONY FERRER


## Seremonya ng Pagkakaloob ng Bike sa PNP Naic at Turnover ng Ambulansya at Wheelchairs sa RHU Naic mula sa LGU Naic







Pinangunahan ni Mayor Raffy Dualan at Vice Mayor Junio C. Dualan ang seremonya ng pagkakaloob ng mga bisikleta sa Philippine National Police (PNP) Naic at ang turnover ng ambulansya at wheelchairs sa Rural Health Unit (RHU) Naic. Lubos na tinanggap ang mga ito ni Municipal Health Officer Dra. Ma. Carolina P. Matel.

Ang kaganapang ito ay bahagi ng patuloy na pagsusumikap ng lokal na pamahalaan na mapabuti ang serbisyo at suporta sa ating mga kapulisan at mga pasyente. Ang mga bagong kagamitan ay inaasahang makakatulong sa mas epektibong pagtugon sa mga pangangailangan ng komunidad.

***(Municipality of Naic)***

## LIBRENG 500 SLOTS PARA SA THEORETICAL DRIVING COURSE




Narito ang libreng 500 slots para sa Theoretical Driving Course mula po sa LTO Imus, kasama si Cong. AJ Advincula at ang inyong lingkod, para sa Imuseño.

Narito naman mga kailangan para makapag-apply:

- 16 taong gulang pataas
- Residente ng Imus
- Merong Valid ID na may Imus address

Libre rin ang Student Permit at Medical Certificate!

Para sa mga interesadong sumali, i-scan ang QR code o sagutan ang form sa link na ito:

https://docs.google.com/.../1Ry1nMrACOyQYWkYiNg8Y.../prefill


*Pagbati Mula kina:*



**Arnel 'Ony' Cantimbuhan**
*Board Member 3rd District Cavite*



**Mayor Alex "AA" Advincula**
*Imus City, Cavite*



## FAMOUS PERSONALITIES

*BY*

*NICO & NIELSEN BAUTISTA*

**ADOF HITLER** - Siya ang nagtatag ng NAZI Party sa Germany at naging Chancellor ng bansang ito. Ang kanyang mga patakaran ang nagsimula sa Second World War na naging naging dahilan ng pagbagsak ng Germany. Nagpakamatay siya upang di madakip ng mga kalabang Allies.



## LET THERE BE LIGHT!

By

ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA

*F &A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**BUCANDALA** - Ang nayong ito sa Imus ay may daan na kung tingnan sa itaas ay may hugis na nakabukang dala. Ang dala ay isang uri ng lambat na panghuli ng isda.

# Nationwide Distribution of Comprehensive Government Assistance to Celebrate President Marco's Birthday...

from p. 1




In a significant nationwide initiative to mark the birthday of President Ferdinand "Bongbong" Marcos, the government launched a simultaneous distribution of comprehensive assistance and services across the country on September 13, 2024. In Cavite, the event took place at the Ternate Municipal Town Plaza, where various government agencies and partners came together to provide essential services to the community.

Ternate Mayor Lamberto Bambao extended a warm welcome to all attendees, expressing gratitude to the President for the timely services provided to his constituents, and to the provincial government and participating agencies for choosing Ternate as the host for this milestone program.

The event highlighted the collective efforts of several key agencies. The Department of Labor and Employment (DOLE), through DOLE-Cavite Provincial Director Marivic Martinez, provided assistance under the TUPAD program, support for parents of child laborers, and grants to workers' organizations under the DOLE Integrated Livelihood Program. Recipients included the Nagkakaisang Manggagawa sa Yumex Phils. Corp., which received Php395,280.00, and Chin Su Phils. Co. Inc. Workers Independent Union, awarded with Php295,926.00.

Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) offered skills demonstrations, training support for scholars, and starter tool kits for selected beneficiaries. The Department of Trade and Industry (DTI), represented by DTI Calabarzon OIC-Asst. Regional Director Revelyn Cortez and DTI-Cavite OIC-Provincial Director Lilibeth Chavez, provided business and trade information and services.

The Department of Agriculture awarded a total of Php3,506,504.00 in grants for agricultural services and farm inputs intended for Caviteño farmers. Mr. Ruben R. Perlas, Agricultural Program Coordinating Officer, presented the certificate of award, which was received by Provincial Administrator Rodel Vincent T. Bae on behalf of the Cavite provincial government.

Meanwhile, the Office of the Provincial Agriculturist staged Kadiwa ng Pangulo in partnership with DTI-Cavite promoting local agriculture produce and crafts. The Office of the Provincial Governor also conducted a Medical Mission offering free consultations, check-ups, and basic healthcare services, while the Office of the Provincial Public Employment Service Manager organized a job fair featuring numerous private companies and government agencies, including the Social Security System (SSS) and PhilHealth, to assist job seekers with employment opportunities and social security benefits.

Department of Justice (DOJ) Secretary Boying Remulla attended the event, engaging with the community alongside Undersecretary Marge Gutierrez and Assistant Secretary Mico Clavano. Local officials including Magallanes Mayor Jasmin Maligaya-Bautista and Maragondon Mayor Lawrence "Umbe" Arca also participated in the celebration, showing their support for the government initiative.

The comprehensive assistance program aims to provide valuable support and resources to individuals and businesses, celebrating President Marcos' birthday with a commitment to community welfare and national progress.

## Providing Vital...

from p. 2

Imus City. The mission provided essential healthcare services including health consultations, free prescribed medicine, multivitamins, and supplements to a total of 360 residents of Imus City.

Mayor Alex Advincula, along with Vice Mayor Homer Saquilayan and city councilors, attended the medical mission to show support for the initiative. Mayor Advincula expressed his appreciation for the strong collaboration between the provincial and city governments and acknowledged all the support provided by Governor Jonvic Remulla to the City of Imus.

The mission exemplified the province's commitment to improving health and ensuring that Caviteños have access to quality healthcare services.

## BULIL'EATS FEEDING...

from p. 2

Frabelle Properties, and Diamond Export Corporation.

The program targets children from seven (7) Child Development Centers in Bacoor and aims to provide them with nutritious meals for 50 days. The program is part of the City Government's commitment to ensuring proper nutrition for its citizens, monitoring and addressing malnutrition, and celebrating Environmental Awareness Month. The event highlighted the importance of protecting the environment to safeguard every home.

The launch of the Bulil'Eats Feeding Program signifies a significant step towards improving the well-being of children in Bacoor. This initiative underscores the City Government's dedication to providing comprehensive support and ensuring a brighter future for its youngest residents.***(City Government of Bacoor)***

# 'UNSUNG HEROES', BINIGYANG PAGKILALA NG CAVITE CITY LGU







Binigyang pagkilala ng pamahalaang panlungsod ng Cavite ang mga natatanging ambag ng ga Overseas Filipino Worker (OFW) nilang kababayan kasabay ng Appreciation Day na isinagawa noong Miyerkules, Setyembre 18.

Sa pangunguna nina Mayor Denver Chua at Vice Mayor Raleigh Rusit, nilagdaan rin ng pamahalaang lungsod ang Pledge of Commitment bilang pagpapakita ng kanilang suporta sa mga OFW sa ibayong dagat.


Sinundan naman ito ng livelihood training. | *via City Government of Cavite*




# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Tabako bilang halamang gamot

Ang halamang tabako ay maliit lamang, may malalaki itong dahon at may bulaklak na mamula-mula o kulay rosas. Ito ay kilalang halaman dahil ito ang ginagamit sa paggawa ng hinihithit na sigarilyo. Bagaman ang paggamit sa halamang ito bilang sigarilyo ay maaaring makasama sa kalusugan, ang paggamit sa halamang ito sa ibang paraan ay maaaring makatulong bilang gamot.



***Scientific name: Nicotiana tabacum Linn.***

***Common name: Tabako (Tagalog); Tobacco (Ingles)***

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Tabako?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang tabako ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang dahon ng tabako ay may taglay na alkaloid na nicotine, nicoteine, nicotelline, at nicotinine. May taglay din itong anabasine, betaine iamylamine, pyrrolidine, at n-methyl pyrroline, resin, albumen, at gum.

Ang dahon din ay mayroong mga mineral na sulphates, nitrates, chlorides, phosphates, malates, at citrates of potassium, ammonium, at calcium.

Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

Dahon. Ang dahon ng tabako ang pangunahing ginagamit sa panggagamit sa ilang mga karamdaman at kondisyon. Maaari itong ipantapal o patuyuin at ilaga upang mainom.

**Ano ang mga sakit na maaaring magamot ng Tabako?**

1. Rayuma. Ang pagtatapal ng dahon sa bahagi ng katawan na nananakit dahil sa rayuma ay pinaniniwalaang nakababawas sa pananakit.

2. Sugat. Ang sugat naman na hirap maghilom ay maaaring lagyan ng abo mula sa sinunog na dahon na hinalo pa sa langis.

3. Pananakit ng sikmura. Maaari ding ipantapal sa nanakit na sikmura ang dahon ng tabako.

4. Pananakit ng kalamnan. Ang katas ng dahon ay mabisang pambawas sa pananakit na nararanasan sa mga kalamnan. Dapat lamang itong ipahid sa bahagi ng katawan na nananakit. May kaparehong epekto din ang pagtatapal ng dahon sa bahagi ng katawan na dumadanas ng pananakit.

# Provincial Government of Cavite Holds Ear Care Seminar and Hearing Aid Distribution







The Provincial Government of Cavite, through the Office of the Provincial Human Resource Management Officer (OPHRMO) and the Office of the Provincial Persons with Disability Affairs Officer (OPPDAO), successfully conducted an Ear Care Seminar and Hearing Aid Distribution for the employees of the Road Safety Division, at the 3rd Floor Auditorium, Cavite Collaboration Center for Public Health, GEAMH Compound, Trece Martires City.

The seminar featured Izovelle Piedad, audiologist from Audio Space Co., as the resource speaker on ear care awareness. Ear checkups were performed by Cristina Pantig, Pearl Javier, Arian Paul M. Ajito, and Izovelle Piedad, screening 105 participants, with 5 qualifying for hearing aids.***(Cavite Provincial Information Office)***

# LIBRENG BINYAG PARA SA MGA BACOOREÑO: PROYEKTO NG PAMAHALAANG PANGLUNGSOD NG BACOOR



Ang City Government of Bacoor, sa pangunguna ng ating 24/7 Mayor Strike B. Revilla, at ang Local Civil Registry (LCR) na pinamumunuan ni Ms. Tess Cameros, ay nagsagawa ng isang malaking handog na libreng binyag para sa 191 na mga bata, Setyembre 18, 2024, sa Our Lady Queen of Peace Parish sa Queensrow West.

Ang event ay dinaluhan ng mga mahahalagang personalidad, kabilang sina Mayor Revilla, Congresswoman Lani Mercado Revilla, Councilor Simplicio Dominguez, LnB Vice Presidents Kap Randy Francisco, Rev. Father Antonio Perez Jr, Father Joedy Arias, Kap Jaime Abug ng Queens Row West, at Kap Theodore Montes ng Queens Row East.

Ang binyag ay pinangunahan ni Rev. Father Antonio Perez Jr. at Father Joedy Arias, at dinaluhan ng mga magulang, ninong at ninang, at mga tauhan ng LCR.

Ang programang ito ay isang magandang pagkakataon para sa mga bata na pormal na tanggapin sa pananampalatayang Katoliko at matanggap ang sakramento ng binyag. Ang City Government of Bacoor ay patuloy na nagbibigay-priyoridad sa mga programang nagtataguyod ng espirituwal na pag-unlad at pag-unlad ng komunidad. ***(City Government of Bacoor)***

**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**FAMILY COURT**
**Branch 5, Trece Martires City**
**fc1tmt0005@judiciary.gov.ph 09234824559**

**SUSANA T. ACUNING,**
Petitioner,

versus CIVIL CASE NO. TMCV-024-24
FOR: Declaration of Absolute Nullity of A Bigamous Marriage

**WILSON N. PAISO,**
Respondent.
X-----------------------------------------------------------------X

**ORDER**

During today's hearing, the petitioner Susana T. Acuning is present. Petitioner's counsel Atty. Ailyn Cortez is present. The respondent is absent. City Prosecutor Khervy Reyes appeared for the State.

Since the respondent is out of the country as stated in the Sheriff's return, petitioner's counsel moved that summons be served through publication which was granted by the court. The petitioner is hereby directed to serve a service of summons through publication once a week for two consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Philippines. In addition, a copy of the summons shall be served on the respondent's last known address at Blk. 28, Lot 16, Phase 1, Golden City, Salawag Dasmariñas City, Cavite by registered mail.

The summons to be published shall be contained in an order of the court with the following data: 1) title of the case; 2) docket number; 3) nature of the petition; 4) principal grounds of the petition and the reliefs prayed for; 5) a directive for the respondent to answer within thirty (30) days from the last issue of publication.2

The petitioner is hereby directed to coordinate with the Clerk of Court for the publication of summons.

Let this case be set for monitoring of the summons by publication on October 25, 2024 at 1:30 p.m.

SO ORDERED.

GIVEN IN OPEN COURT August 16, 2024 in Trece Martires City, Cavite, Philippines.

**(sgd)FLORDELIZ CABANLIT FARGAS**
Presiding Judge

Copy Furnished:
**Pros. Mary Catherine P. Hilario**
City Prosecutor
ocptrecemartires@doj.gov.ph

**Atty. Ailyn Cortez**
Counsel for the Petitioner

**Susana T. Acuning**
Petitioner

**Wilson N. Paiso**
Respondent

**Office of the Solicitor General**
efile@osg.gov.ph

FCF/jmd
08192024

**HUMANITY NEWS**
**SEPTEMBER 16, & 23, 2024**

# 160 estudyante ng Malagasang 1 at 2 Elementary School, nilibot ang pampublikong aklatan ng Imus









Binisita ng 160 Grade 5 at Grade 6 students ng Malagasang 1 Elementary School at Malagasang 2 Elementary School ang modernong pampublikong aklatan ng Imus ngayong Huwebes, Setyembre 12, 2024, sa New Imus City Government Center.

Ipinakilala ng Imus City Public Library ang mga pasilidad na maaaring magamit ng mga Imuseño gaya ng 50-seater reading area, children's room, computer room, special o training room, at Im CORA (Imus City Online Reference Assistance).

Mayroon din itong mahigit 8,000 libro, libreng wifi connection, libreng kape, at libreng library ID. Matatagpuan ang pampublikong aklatan sa Lower Ground Floor, New Imus City Government Center, Brgy. Malagasang 1-G.

Bukas ito tuwing Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. ***(City Government of Imus)***






## CAVITE HIGHLIGHTS

By:
Yna Palparan Bautista

**Placido N. Campos** - Siya ang Capitan Municipal ng Dasmariñas noong sumiklab ang himagsikan. Lumahok siya sa rebolusyon sa ilalim ng Magdalo Council. Sumama siya sa Nacionalista Party noong kumandidato si Quezon bilang Pangulo ng Commomwealth. Namatay siya noong1937.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com
our website:
www.humanitynewsph.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL. VIII NO. 43

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. VIII No.43 September 23-29, 2024 P 10.00




SEE YOU AT GEN. E. TOPACIO ST. NEAR THE TOPACIO COMPOUND IMUS, CITY

# HANDOG NG PANGULO: SERBISYONG SAPAT PARA SA MGA IMUSEÑO!







Nakiisa po ang Ikatlong Distrito ng Cavite sa pamamahagi ng government assistance sa 1,000 nating mga kababayan mula sa Ayuda para sa Kapos Ang Kita Program o AKAP kasabay ng kaarawan ng ating mahal na Pangulong Bongbong Marcos.

Ang bawat isang benepisyaryo ay nakatanggap ng tig-5,000 pesos na ayuda mula sa ating Pangulo at kay House Speaker Martin Romualdez.

Asahan na patuloy si Congressman AJ Advincula maglilingkod ayon sa mga adhikain ng administrasyon tungo sa isang mas maunlad at matatag na Bagong Pilipinas!

## DO YOU KNOW ?

*James I was the first English monarch to use the fork.*

(Shared by Fellowship with Humanity)

FELLOWSHIP WITH HUMANITY
Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**









*Senator Christopher Lawrence "Bong" Go personally led the distribution, yesterday, September 13, 2024, of relief packs to more than 930 families who were the fire victims in Sitio Wawa, Barangay Zapote 3 in Bacoor City. Senator Go and city officials led by Mayor Strike Revilla personally provided Integrated Disaster Shelter Assistance Program (IDSAP) financial assistance per family in collaboration with the Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD).,, MARGIE BAUTISTA*




See us at General Juan Castañeda street near the Imus Plaza

# Blessing and Inauguration of the City of Dasmariñas Socio-Civic Center



A project of the City Government of Dasmariñas and the Philippine Amusement and Gaming Corporation.

In attendance for the symbolic key turn-over from PAGCOR were VP Ramon Stephen R. Villaflor, Corporate Social Responsibility Group, and Asst. VP Eric I. Balcos, Community Relations & Services Department.

